TAON XXII Bilang 4 Hunyo 1990

**Editoryal**

## Isang Bukas na Liham sa Young Officers Union (YOU)

Mga kapatid,

Matama naming sinusubaybayan ang inyong mga pahayag na nalalathala sa mga dyaryo at nabobrodkas sa radyo at telebisyon. Bawat isa'y aming pinag-aaralan na bukas ang isip at puso. Umaasa kaming ang pagsisikap na ito'y magbunga ng isang tunay na bagong simula para sa ating mga kapatid na Pilipino sa loob ng Armed Forces of the Philippines (AFP).

Nagagalak kami sa inyong mga deklarasyon ng makabayang paninindigan para humulagpos ang bayan sa kuko ng imperyalismong US at mga lokal na alipures. Hindi lamang kayo dagdag na tinig sa isang makapangyarihang sigaw ng bayang Pilipino para sa pambansang kasarinlan at soberanya. Makabuluhang tinig kayo dahil nagmumula kayo sa pangunahing kasangkapan ng imperyalistang dominasyon sa bansa -- ang AFP.

Kahit sa ganitong simpleng pagbibitaw ng mga makabayang pangungusap, malaking peligro ang inyong sinusuong sa loob ng AFP. Ano pa kaya kung magtatayo kayo ng organisasyon para ipaglaban ang mga makabayang adhikaing ito?

Umaasa kaming ang inyong pagsisikap ay hahawan ng landas tungo sa malawakang pagkamulat sa nasyunalismo at sa isang masiglang kilusang anti-imperyalista sa hanay ng mga kawal at upisyal ng AFP.

Tama ang sabi ninyo na walang sinuman ang may monopolyo sa nasyunalismo. Ang simulaing ito'y dapat pagkaisahan at ipaglaban ng lahat ng mamamayang Pilipino, anuman ang katayuan sa buhay, pananampalataya at ideolohiya. Sa ganitong diwa at prinsipyo, laging handa ang Partido Komunista ng Pilipinas na makipagkaisa at makipagtulungan sa lahat ng pwersang nagtataguyod ng simulaing anti-imperyalismo at tunay na pambansang kalayaan. Ang tanging hinihingi lamang sa bawat isa'y ang katapatan at aktwal na paglaban.

Kaya't kami'y nagulat at nalungkot sa pahayag ninyong itinaon sa anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan noong Marso 29, 1990. Sa nasabing pahayag, hinamon ninyo ang Partido Komunista at ang rebolusyonaryong kilusan na makipagkaisa sa inyo sa isang pambansang himagsikan, ngunit may pasubali -- dapat muna naming itakwil ang Marxismo-Leninismo.

Nasaan na ang tunay na diwa ng pambansang pagkakaisa at pagkakapatirang Pilipino sa pakikibaka sa imperyalismong US?

Nakakalungkot isiping ang isang organisasyong tila may angking kasariwaan, mapangahas sa bago't naiibang ideya, at may diwang pasulong ng kabataan ay makubakob sa simula pa lamang ng saradong pag-iisip, lipas nang aktitud at aberasyong kaparis ng kahibangang McCarthy at oskurantismo.

Sa bagong panahong ito ng internasyunalismo, progresibong kaisipan at malakas na diwa ng pluralismo, ano't tila kumakanlong ang YOU sa atrasadong

prinsipyo ng pambansang sobinismo at "*intolerance*" o saradong pag--iisip?

Kapag itinakwil natin ang Marxismo-Leninismo sa kilusang anti-imperyalista, parang itinakwil na rin natin ang syentipikong kritika nito sa makabagong imperyalismo at ang kontribusyong teorya nito kung paano gagapiin ang imperyalismo at ipagwawagi ng mga kolonya't malakolonya ang pambansang kalayaan. Ang mga akda ni Lenin tulad ng ***Imperyalismo -- Ang Huling Yugto ng Kapitalismo***at ***Hinggil sa Pambansang Usapin***ay nagsilbing makapangyarihang tanglaw hindi lamang sa mga Marxista-Leninistang partido kundi maging sa mga kilusang mapagpalaya na nakibaka at nagwagi sa imperyalismo. Kinikilala ng malawak na hanay ng mga progresibo at iskolar sa buong daigdig ang malaking ambag ng Marxistang kritika sa makabagong imperyalismo upang unawain ang mga pangyayari sa daigdig at isulong ang katauhan nitong nakaraang mahigit isang siglo.

Bakit hindi ninyo muna pag-aralan nang mabuti ang mga akdang komunista sa ating bansa tulad ng ***Lipunan at Rebolusyong Pilipino***, mga sulatin ni Jose Ma. Sison at ilan pang kilalang Marxistang Pilipino, at mga sulatin ng Partido Komunista ng Pilipinas, at tingnan ang katumpakan nito batay sa tunay na mga pangyayari sa bansa? Bakit sa simula't simula, kayo'y magsasara na ng isip at magkokondena?

Ang pagtatakwil sa Marxismo-Leninismo ay pagtalikod din sa mayamang praktika ng mga partido at pormasyong Marxista sa pakikipaglaban sa imperyalismo. Pambabalewala ito sa pawis, dugo, hirap at mga buhay na inialay ng mga komunista para palayain ang daigdig at ang ating bayan mula sa salot ng imperyalismo.

Mahigit anim na dekada nang nakikibaka ang Partido at mga komunistang Pilipino hindi lamang para sa pambansang paglaya kundi para rin sa tunay na demokrasya.

Sa loob ng mga dekadang ito, Marxismo-Leninismo ang nagsilbing gabay para tuklasin ang mahigpit na ugnayan ng imperyalistang dominasyon at pagsasamantala at ang kawalan ng hustisya-sosyal at demokrasya sa ating bansa. Marxismo-Leninismo rin ang naging giya para mabungkal ang katotohanang ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo ang ugat ng pambansang krisis sa kasalukuyan. Marxismo-Leninismo rin ang tanglaw sa paghahanap ng paraan kung paano babakahin ang mga salot na ito at paano palalakasin ang pwersang mapagpalaya ng bansa tungo sa ganap na tagumpay.

Kung mayroon mang tampok na mga aral ang Marxismo-Leninismo na may kabuluhan sa ating pambansang karanasan, ito ay ang katotohanang hindi maipagwawagi ang pambansang kalayaan nang hindi nakakamit ang paglaya ng masang magbubukid sa pyudalismo at ang demokrasya para sa buong mamamayan, at bise-bersa. Ang pundamental na katangian ng rebolusyong Pilipino sa kasalukuyang yugto ng kasaysayang Pilipino ay hindi lamang isang himagsikan para sa pambansang paglaya kundi isa ring himagsikan para sa demokrasya para sa mamamayan.

Nababanggit ninyo ang mga pagkakamali, pagkukulang at mga kabiguan ng kilusang komunista sa ibang bansa at maging sa Pilipinas. Marxismo-Leninismo rin ang nagtuturo na dapat kilalanin ang mga pagkakamali at kabiguan, suriin ang ugat ng mga ito, tapat at masigasig itong iwasto at determinadong umahon sa mga kabiguan.

At Marxismo-Leninismo rin ang nagtuturo sa amin na maging bukas sa inyo at iba pang pwersang makabayan, unawain ang inyong kalagayan, kalakasan at limitasyon, makipag-aralan at makipagtulungan sa inyo sa pagkakamit ng iisang layunin at mithiin -- ang tunay na paglaya ng ating bayan.

## Pagtatatag ng Pundasyon ng Rebolusyonaryong Gubyerno sa Samar

*Sa paglitaw ng matatatag na baseng gerilya, lumitaw rin ang mga kundisyon sa pagbubuo ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa batayang antas. Masiglang sumisibol ang mga organong ito (tinatawag na kunsehong rebolusyonaryo ng baryo o KRB) sa maraming bahagi ng kapuluan. At sa paglaganap ng mga KRB, nailalatag ang daan sa pagtatayo ng mas mataas na antas ng rebolusyonaryong gubyerno.*

*Kamakailan, bumisita sa Samar si Ka Tony, isang kasama sa kalihiman ng NDF, at pinag-aralan ang pagtatatag ng mga organo ng rebolusyonaryong gubyerno doon. Sa kanyang ulat, na naging batayan ng artikulo sa ibaba, tinalakay ni Ka Tony ang mga batayan, pamamaraan at problema sa pagbubuo at pagpapatatag ng mga KRB at rebolusyonaryong gubyerno sa antas ng distrito.*

*Interesante at maraming aral ang mga pagsisikap ng Partido, hukbong bayan at mga mamamayan ng Samar sa pagtatayo ng rebolusyonaryong gubyerno. Inililinaw lang ng ulat na ang karanasang tinatalakay ay batay sa partikular na kalagayan ng rebolusyonaryong kilusan sa isla. -- Editor.*

Sa isang lugar sa kanlurang bahagi ng Samar, namumukadkad ang isang bagong rebolusyonaryong kaayusan. Doon, sa isa sa mga pinakaabante't pinakasolidong erya ng rebolusyonaryong kilusan sa isla, magkakabalikat na itinatatag at pinapaandar ng Partido, Bagong Hukbong Bayan at mga rebolusyonaryong organisasyong masa ang isang pansamantalang rebolusyonaryong gubyerno (RG) sa distrito.

Ang realidad na ito ng rebolusyonaryong pamamahala ay produkto ng halos dalawang dekadang pakikibakang lipos ng pagpapakasakit, dedikasyon sa interes sa sambayanan, at kapangahasan at determinasyong magtagumpay ng maraming kalalakihan at kababaihang rebolusyonaryo. Sa di-nalalayong pagtatanghal ng isang pormal na rebolusyonaryong gubyerno sa dakong iyon ng Samar, taas-noong masasabi ng mga mamamayan: *Hawak na namin sa aming palad ang aming kinabukasan.*

Ang pagtatatag ng RG sa eryang ito -- at maging sa iba pang lugar sa Samar -- ay malaon nang hinihingi ng kalagayan. Matapos ang mahabang panahon ng maningning na pagsusulong ng digmang bayan, umabot na sa mataas na yugto ang rebolusyonaryong pakikibaka sa isla. Taglay na nito ang mga rekisitong pampulitika, pangmilitar, pang-ekonomya at pangkultura para iangat ang antas ng pampulitikang organisasyon ng mamamayan.

### *Baseng gerilya: sinapupunan ng RG*

Itinatatag ang rebolusyonaryong gubyerno sa isang solidong baseng gerilya (pangalanan nating *Sta. Fe*) na binubuo ng 40 magkakatabing baryo. Ito ang pinakaubod ng isang laking-distritong erya (tawagin nating *Distrito Uno*) na sinasakop ang 252 baryo ng walong bayan sa kanlurang Samar. Ang baseng gerilya (ng Sta. Fe) ang sinapupunan ng RG.

Ang Sta. Fe ay may lawak na 1,000 kilometro kwadrado at matatagpuan sa pinakapusod ng liblib at mabundok na bahagi ng Distrito Uno. May agwat na tatlo hanggang limang kilometro sa pinakamalapit na haywey ang "pinakamababang" mga baryo nito. Naninirahan sa Sta. Fe ang may 10,000 mamamayan.

Walang kalsada patungong Sta. Fe. Ang paraan ng transportasyon ay bangkang de motor na maaaring

tumagos papuntang base sa pamamagitan ng tatlong malaking ilog. Gayunman, para sa karamihan, kalabaw o paglakad pa rin ang prinsipal na paraan ng pagdadala ng mga produkto ng mga magbubukid sa sentro ng komersyo. Mula sa pinakamataas na bahagi ng Sta. Fe papuntang haywey, aabot ng apat hanggang limang oras ang lakaran.

Mayorya ng mga tao'y magbubukid. Palay at halamang-ugat tulad ng kamote at balinghoy ang pangunahing mga tanim.

Bagamat hindi malaking problema ang monopolyo sa lupa at halos napawi na sa pamamagitan ng rebolusyonaryong pakikibaka ang maraming anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala, mahina pa rin ang kita ng mga magbubukid dahil sa atrasadong paraan ng pagsasaka. Madalang kung ibenta ng mga magsasaka ang kanilang mga produkto sapagkat sapat lamang ito sa sariling konsumo.

Karamihan sa lupa ay komun pa rin ang pag-aari. Ang sistemang ito'y tinatawag na kapuyongpuyongan na namana pa nila sa ilang henerasyong mga ninuno. Ang mga myembro ng kapuyongpuyongan ay may karapatang magbukas ng mga sakahan nang walang bayad saanmang bahagi ng lupa basta't ito'y bakante.

Dahil sa kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno at kalayuan ng Sta. Fe sa mga sentrong bayan, malaking porsyento ng populasyon ang ilitereyt at di na nakakapagpadoktor kung nagkakasakit.

Bago dumating ang kilusan sa Sta. Fe, lahat halos ng baryo ay pinaghaharian ng mga armadong grupo ng mga lumpen sa pamumuno ng mga maton. Sila ang pasimuno sa mga pagnanakaw, pamamaslang at panggagahasa. Dahil de-armas, impluwensyado rin nila ang pulitika sa baryo. Nang dumating ang mga organisador at gerilya at nang umunlad ang rebolusyonaryong kilusan sa lugar, nawasak ang paghahari ng mga maton sa Sta. Fe, at naging matahimik at mapayapa na ito.

Ang mabundok na lupain, ang labis na kahirapan at ang kawalanggkalinga ng reaksyunaryong gubyerno ay pawang mga paborableng salik sa pagyabong ng isang matatag na rebolusyonaryong kilusan sa Sta. Fe.

***Kasaysayan ng Sta. Fe***

Ang istorya ng Sta. Fe ay di mahihiwalay na parte ng dakilang kasaysayan ng rebolusyonaryong pakikibaka sa isla ng Samar. Ang baseng gerilyang ito'y isa sa pinakaunang mga lugar sa isla na matatag na pinag-ugatan ng mga kadre ng Partido at mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan. Dito rin ang eksena ng malalaking tagumpay ng kilusan sa rehiyon, laluna noong inisyal na panahon ng rebolusyonaryong pagkilos.

Bago pa man ang batas militar noong 1972, maraming aktibista ang nagtungo sa mga kanugnog-lugar ng Sta. Fe para magpropaganda at mag-organisa ng masa. Noong 1973, naabot nila ang Sta. Fe.

Tumambad kaagad sa mga rebolusyonaryo ang kagyat na mga problema ng masa -- kakulangan sa pagkain, gamot, at pabahay. Laganap din ang problema sa kamangmangan at kawalan ng katahimikan. Dito nagtuon ng pansin ang mga kasama; sinikap nilang iugnay ito sa kabuuang problema ng bansa, sa diktadurang Marcos, sa kawalang-kalinga ng gubyerno, at sa malalang kriminalidad sa lugar.

Mainit ang pagtugon ng masa sa rebolusyonaryong panawagan. Sa pagtutulungan ng mamamayan at BHB, nalinis nila ang lugar ng masasamang elemento. Ginawaran ng parusang kamatayan ang pinakatalamak sa mga elementong kriminal na ito. Ang natitira'y tumakbo na lamang sa mga sentrong bayan.

Mula sa mga panimulang tagumpay na ito, nagkamit din ng malalaking tagumpay ang rebolusyonaryong kilusan sa Sta. Fe -- at sa buong Samar. Tampok dito ang mga tagumpay sa armadong pakikibaka at kilusang magbubukid.

***Armadong pakikibaka.*** Itinatag

ang kauna-unahang armadong yunit ng BHB sa rehiyon noong Hunyo 1973. Iskwad itong binubuo ng pitong gerilya na armado ng limang riple at dalawang pistola. Nang taon ding iyon, inambus ng mga gerilya ang apat na pulis sa loob mismo ng Sta. Fe. Iyon ang unang mga putok na naging hudyat ng simula ng armadong pagbabalikwas sa isla.

Sa mahigpit na suporta ng masa, tinugis din ng BHB ang mga maton sa mga baryo hanggang sa malipol o maitaboy ang karamihan sa mga ito.

Dahil sa mga inisyal na tagumpay sa pagtugon sa interes ng masa, pagpapanumbalik ng katahimikan, pagsasagawa ng taktikal na opensiba, pagpapalawak ng baseng masa, at pagiging disiplinado at pagsasabuhay ng mabuting asal ng mga gerilya at kadre ng Partido, nakuha ng rebolusyonaryong kilusan ang respeto at pagtangkilik ng mamamayan, at napalakas nito ang rebolusyonaryong kapangyarihan sa lugar.

Bunga nito, kaagad na nag-init ang kaaway. Isang malaking operasyong militar ang inilunsad ng rehimeng Marcos sa loob ng Sta. Fe mula 1973 hanggang 1975. Nanunog ng mga bahay ang AFP, at nagnakaw ng mga kalabaw, baboy, manok, bigas at iba pang ari-arian ng masa. Pumatay sila ng maraming sibilyan, at nanggahasa ng kababaihan.

Nanawagan ang rebolusyonaryong kilusan sa masa na lumikas sa liblib na kagubatan at doo'y magbukas ng mga sakahan at magtayo ng sistema ng depensa. Tumugon ang maraming magsasaka't nanirahan sila sa kagubatan ng bundok, kasama ng yunit ng BHB at mga organisador.

Ngunit bago maani ng mga magsasaka ang bunga ng kanilang tanim sa pinaglikasan, pinagbobomba ng militar ang kanilang lugar. Gayunpaman, hindi umalis ang mga kasama at masa. Sa halip, pinalakas nila ang kanilang depensa. Sa palibot ng kanilang erya, nagtanim sila ng mga katutubong patibong na gaya ng *balatik, suyak*at *gahong*.

Kahit maliit at primitibo ang mga sandata, nagsikap ang kaisa-isang yunit ng BHB na makaganting-bira sa kaaway. Noong Mayo 1974, kasanib ang 77-kataong milisyang armado ng mga paltik at itak, inambus ng siyam-kataong iskwad ng BHB ang 11-kataong iskwad ng PC. Siyam na kaaway ang napatay. Nakasamsam ang mga gerilya ng anim na armalayt, dalawang karbin at dalawang pistola. Mula sa mga armas na nasamsam at sa mga donasyon pa ng masa, ang iskwad ng BHB ay naging platun na may 27 mandirigma.

Ang platung ito ng BHB, kasama ang isa pang platun ng milisya, ang nanambang noong 1975 sa isang iskwad ng kaaway. Doo'y nakakumpiska ang hukbong bayan ng tatlong M16 at dalawang karbin. Binuo ng mga magsasakang nag-ebakweyt sa kabundukan ang mga milisya, at ito ang nagsilbing pinakamaaasahang baseng masa ng BHB nang panahong iyon.

Pagkatapos ng ambus na iyon, inilipat ang isang iskwad ng platun sa silangang larangan ng rehiyon. Agad na nagsagawa roon ng pananalakay ang mga gerilya, anupa't animo'y hilong talelong ang kaaway. Sa loob ng panahong 1977-1980, nakapagreyd ang mga gerilya ng mahigit 30 sentrong bayan sa buong isla.

Bilang reaksyon sa mabilis na pagsulong ng rebolusyon, nilargahan ng kaaway ang bangis ng malakihang mga operasyong militar, di na lamang sa Sta. Fe kundi sa buong rehiyon. Mula 1978 hanggang 1982, nagdeploy ang kaaway ng 11 batalyon ng regular na armi, bukod pa sa pwersang panghimpapawid at ilang batalyon ng CHDF. Madalas na pinagbobomba ang hinihinalang kuta ng BHB.

Muling binigo ng rebolusyonaryong hanay ang pananalasa ng kaaway sa pamamagitan ng lahatang-panig na pagsusulong ng sarisaring reboluisyonaryong gawain. Naging mas mapangahas ang BHB sa paglulunsad ng mga reyd laluna sa mga sentrong bayan, at mga ambus. Pinalaganap ang mga pakikibakang antipyudal. At pinalarga ang mga hayag na protesta para ilantad ang

brutalidad ng kampanyang militar ng pasistang rehimen.

Noong 1982, umaalagwa na rin ang mga armado at pangmasang pakikibaka sa buong Pilipinas. Napilitan ang reaksyunaryong gubyerno na ilipat sa ibang rehiyon ang ilang batalyong pwersang terorista ng AFP sa isla. Hindi nakamit ng kaaway ang istratehikong tagumpay sa Samar.

Rumurok ang mga pakikibakang masa sa isla noong mga taong 1982 hanggang 1985. Kasabay nito, itinodo pa ng BHB ang mga armadong aksyon sa rehiyon. Sa Sta. Fe lamang, ang malaking yunit gerilya ng BHB, kasanib ang mga yunit milisya, ay nakapasagawa ng 13 mayor na taktikal na opensiba -- bagay na nagpasok ng 50 matataas na kalibreng riple sa arsenal ng mga gerilya.

Ang mga sumusunod na operasyong militar ng pasistang AFP, gaya ng inilunsad noong 1985, ay nakakayanan nang biguin ng mga kasama at masa.

Nagkaroon ng pansamantalang pagtumal ng mga armadong aksyon noong 1986-1987 nang humalili ang rehimeng Aquino sa poder. Pwera sa maikling panahong iyon, naging tuluy-tuloy ang mga taktikal na opensiba ng Pulang hukbo sa Samar.

Umaabot na ngayon ng laking-batalyon ang dating pito-kataong iskwad ng pwersang gerilya na nag-oopereyt sa Sta. Fe at kanugnog na mga larangan at sonang gerilya. Ang Panrehiyon at Panlarangang Pwersang Makilos ang nagbibigay ng proteksyon sa mga baseng gerilyang kaparis ng Sta. Fe. Ang adhoc RG mismo ay may sariling pultaym na yunit gerilya sa ilalim ng kumand nito na anumang oras ay pwedeng saniban ng mga milisya para mapalakas ang pwersa. Lahat ng 40 baryong saklaw ng Sta. Fe ay mayroong mga yunit milisya na kapag tinipon ay aabot ng ilandaan.

Ang mga regular na pwersa ng hukbong bayan at ang subok na milisyang ito,katuwang ang palabang masa sa Sta. Fe, ang tumitiyak na naipagtatanggol ang mga tagumpay ng baseng gerilya laban sa pamiminsala ng mga pwersang pasista ng rehimeng Aquino.

***Rebolusyonaryong kilusang magbubukid.*** Hindi matingkad ang lanlordismo o pyudal na pagsasamantala sa Sta. Fe. Karaniwan, ang upa sa lupa ay isang sako por ektarya o mga 3 porsyento ng normal na ani.

Pero sa kapatagang bahagi ng Distrito Uno sa bandang kapatagan ng Sta. Fe, ang upa sa lupa ay umaabot sa 50 porsyento ng ani o 80 porsyento pa kung kasamang inuupahan ang kalabaw at ibang gamit pansaka.

Noong 1976, binigyang-diin ng rebolusyonaryong kilusan sa Samar ang pakikibakang antipyudal ng maralitang magsasaka bilang susing kawing sa gawaing masa at pagbubuo ng base sa kanayunan. Kasunod nito, nagbalangkas ng mga gabay sa gawaing masa sa kanayunan.

Ang mga bagong konsepto at programa mula sa kumperensya at ang aktibong partisipasyon ng mga panrehiyong kadre sa aktwal na pagkilos ay nagbigay-sigla sa mga organisador. Inorganisa at pinakilos ang masang magbubukid para pababain ang upa sa lupa, pataasin ang sahod, pababain ang interes sa utang at para sa iba pang isyung antipyudal. Anupa't sa Distrito Uno, mabilis na lumawak ang rebolusyonaryong kapangyarihan mula sa kabundukan tungong kapatagan, hanggang sa mga haywey at tabing-dagat, at maging sa mga sentrong bayan.

Matiyaga at hakbang-hakbang na inorganisa ng mga kasama ang mga magbubukid. Kasabay ng pag-angat ng kanilang organisasyon, unti-unti ring inaangat ang kanilang antas ng pakikibaka. Sa umpisa, nang maliit at bago pa ang mga organisasyong magbubukid (nasa antas ng grupong pang-organisa o GP), itinuon ang pakikibaka sa pagpapapataas ng sahod ng mga manggagawang bukid. Inoorganisa sila at pinakikilos sa *tiklos* o mutwal na palitan ng paggawa upang igiit ang kahilingan sa mga panginoong maylupa.

Sa paglaon, nang lumaki na ang organisasyon sa saklaw ng buong baryo (nasa antas ng komiteng pang-organisa o KP), sinimulan na ang pakikibaka para ibaba ang interes sa pautang at upa sa lupa. Itong huli'y pangunahing ipinapatupad sa pamamagitan ng "operasyon tago."

Inorganisa rin ang mga kabataan at kababaihan pagkatapos na maitayo ang organisasyong magbubukid. Isa sa mga gawain nila ang pagsuporta sa antipyudal na pakikibaka.

Ang pinakamahuhusay sa dumaraming magbubukid, kabataan at kababaihan na hasa sa mga pakikibaka ay ipinapasok sa Partido. Naitayo ang mga sangay ng Partido na gumagampan ng ilang gawaing panggubyerno sa antas-baryo.

Habang tumataas ang antas ng kamulatan at organisasyon ng masa, higit na sumusulong ang antipyudal na pakikibaka. Nagkaanyo na ito ng kumprontasyon sa mga panginoong-maylupa. Nagtatagumpay ang ganitong anyo ng pakikibaka sa mga lugar na malakas ang armadong pakikibaka.

At sa tuluy-tuloy na paggulong ng mga antipyudal na pakikibaka, umuunlad at napapanday naman ang maraming lider-masa at mga kadre ng Partido. Ang pagkahinog ng kamulatang pampulitika ng masa ang naglatag ng higit na paborableng kundisyon sa pag-aangat ng organisasyon ng magbubukid.

Noong 1979-81, sinamantala ng kilusang magbubukid sa Sta. Fe ang ganitong paborableng sitwasyon para maorganisa at mamobilisa ang masa na magtayo ng mga proyektong pangkabuhayan. Itinayo ang mga kooperatibang pamilihan at kooperatibang pangkonsumer. Binuo rin ang mga organisasyong pamproduksyon para pabilisin ang pagbubukas ng mga bagong sakahan. Maging ang natitirang upa sa lupa na isang sako bawat ektarya ay napalis na rin sa harap ng malakas na antipyudal na pakikibaka.

Kahit na noong panahon ng mga mabangis na operasyong militar, hindi humupa ang momentum ng rebolusyonaryong kilusang magbubukid. Noong 1982, ang mga komiteng pang-organisa ng magsasaka ay natranspormang mga ganap na samahang magbubukid sa antas-baryo. Sa pagkakabuo nito, naging mas mapangahas at militante ang mga pakikibakang magbubukid.

At noong 1984, nang gulung-gulo ang ang AFP sa mabilis na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa buong bansa, ang mga ganap na samahang magbubukid sa baryo ay iniangat sa mga pambayang samahang magbubukid para higit na mapamunuan at maikoordina ang mga interbaryong mobilisasyon ng mga magbubukid. Matagumpay na nagdaos noong 1985 ang pambayang samahang magbubukid sa isang munisipalidad ng pambayang rali at boykot para igiit na maitaas ang presyo ng mais. Masiglang lumahok dito ang masa ng Sta. Fe. Sinuportahan din ng mga ganitong pambayang samahan ang mga pamprobinsya at panrehiyong mobilisasyong multisektoral at pulitikal.

### ***Hinog ang kalagayan***

Ang malalaking pagsulong sa armadong pakikibaka, rebolusyonaryong kilusang magbubukid at iba pang rebolusyonaryong pagsisikap tulad ng nagkakaisang prente, at paglawak ng rebolusyonaryong kapangyarihan maging sa mga kapatagan at sentrong bayan ay matitibay na basehan sa pagtaya ng Panrehiyong Kumperensya ng Partido noong 1989 na hinog na ang kalagayan para sa pagtatatag ng mga organo ng rebolusyonaryong gubyerno (RG) hanggang sa antas-distrito sa iba't ibang baseng gerilya sa buong isla.

Piniling "*breakthrough area*" ang Sta. Fe sapagkat naabot na roon ang lahat ng rekisitos para sa pagbubuo ng antas-distritong RG.

Una, may kakayahan ang Partidong gabayan ang RG -- kakayahang ibinunga ng mahabang karanasan sa rebolusyonaryong pakikibaka. At malalim na nakaugat hanggang sa batayang antas ang

Partido.

Pangalawa, nasa hustong gulang na ang kamalayang pampulitika ng masa. Umabot na sa antas-bayan ang mga lihim na samahang masa na napanday sa pakikibakang antipyudal at antipasista. Marami-rami nang mga subok na lider-masa. May sapat na karanasan sa pakikihamok at pagtatanggol ng baseng gerilya ang lokal na milisya.

Pangatlo, may kalawakan ang baseng gerilya ng Sta. Fe, bukod pa sa napapaligiran ito ng mga konsolidadong erya na nagsisilbing "buffer" o pananggalang.

Pang-apat, may sapat na lakas ang BHB sa lugar, kapwa sa larangang militar, pulitikal at organisasyon, upang pangalagaan at ipagtanggol ang Sta. Fe. Subok na ang kapasidad ng Pulang hukbo.

Panlima, liban sa Sta. Fe, nakatayo na rin ang ilan pang baseng gerilya sa Samar. Anupa't marami nang lugar ang nagpapasakit ng ulo sa kaaway.

Pang-anim, umabot na sa mga sentrong urban ang impluwensya ng kilusan. Ang mga ligal na organisasyon, samahang progresibo't iba pang sektor ng panggitnang pwersa ay aktibong naglalantad at nagpoprotesta sa militarisasyon sa kanayunan.

Pampito, paborable ang lokal na kundisyon. Lumalala ang pagkasuklam ng mga tao sa lokal na gubyerno. Hindi na rin aktibo ang karamihan sa kanila sa kampanya laban sa "insurhensya." Sa katunayan, napapakilos na ang mga kunseho ng baryo sa iba't ibang paraan at anyo para sa rebolusyon.

Lahat ito -- kasabay ng pag-unlad ng rebolusyonaryong pakikibaka sa buong Pilipinas, sa isang banda, at ng di malutas-lutas na pambansang krisis ng naghaharing uri, sa kabilang banda -- ay mga salik na nagtitiyak sa tagumpay ng itinatatag na rebolusyonaryong gubyerno sa Santa Fe.

### *Pagtatayo at pagpapaandar ng RG*

Upang ilatag ang pundasyon sa pagtatayo ng antas-distritong RG sa Santa Fe at pabilisin ang prosesong ito, nilikha ng Partido sa Samar ang isang pansamantala o *adhoc* na rebolusyonaryong gubyerno noong 1989. Ang adhoc RG ay kikilos rin bilang isang transitoryong gubyerno hanggang sa pormal na maitanghal ang regular na RG.

Ang kailangan na lamang sa Santa Fe ay tupdin ang minimum na mga rekisito para pormal na itanghal ang rebolusyonaryong gubyerno. Lahat halos ng iba pang kinakailangan ay naroon na.

Binubuo ang adhoc RG ng mga kadre sa antas ng probinsya, distrito (o larangan sa ibang rehiyon) at kumand ng kumpanya ng BHB. Sa ilalim nito'y mga tim ng mga kadreng tagapag-organisa at isang pinalaking iskwad ng lokal na yunit gerilya (LYG). Isang tim ng mga kadre ang responsable sa pagtatayo ng mga kunsehong rebolusyonaryo ng baryo (KRB), habang ang isa pang tim ay responsable sa pagkokonsolida ng mga naitayong KRB. Ang isang tim ay umuugnay at nagtatayo ng mga selulang pambansa-demokratiko sa hanay ng mga panggitnang pwersa.

Maaaring konsentrado o kalat ang pinalaking iskwad sa dalawang iskwad o ilang tim. Maaari ring sumanib ito sa mga yunit milisya o sa malalaking yunit ng hukbong bayan, ayon sa dikta ng mga tungkulin o sitwasyon. Ang pangkalahatang tungkulin ng LYG ay ang pagtatayo ng sistema ng depensa sa Santa Fe. Ang partikular na mga tungkulin nila ay ang pagrekrut, pagtatayo at pagkokonsolida ng mga yunit milisya, at pagbibigay sa mga ito ng pagsasanay at gabay.

Matapos mabuo, inatupag muna ng adhoc RG ang pagsasanay ng sariling pwersa sa sumusunod: pagsasagawa ng panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri ng mga uri; paglulunsad ng kilusang sosyo-ekonomiko at kooperatiba; propaganda at edukasyon; solidong pag-

oorganisa; pagtatayo ng KRB; minimum at maksimum na programa sa repormang agraryo; at depensa.

Pagkatapos, hinarap nito ang pangunahing gawain: ang pagtatayo ng mga kunsehong rebolusyonaryo ng baryo. Tinasa nito ang dati nang nakatayong mga KRB at lumitaw na wala nang gumaganang mga KRB. Kulang din ang kadreng naitalaga para sa ganitong antas ng gawain. Nakita nila ang pangangailangang itayo muli ang nangamatay na mga KRB ayon sa bagong proseso ng pagtatayo nito.

Bago pormal na itatag ang KRB, inihahanda ng adhoc RG ang sumusunod: *1)* pagtiyak na umaandar nang mahusay ang mga organisasyong masa; *2)* pagsasagawa ng panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri ng mga uri sa mga baryong tatayunan ng KRB; *3)* paglulunsad ng kampanya sa edukasyon at propaganda hinggil sa KRB, rebolusyonaryong kilusan at pambansa-demokratikong kilusan sa iba't ibang grupo ng magsasaka, kababaihan, kabataan at depensa; *4)* pagtawag ng pulong ng sangay ng partido, iba't ibang organisasyong masa at yunit depensa upang planuhin ang pagtatayo ng KRB.

Tumatagal nang dalawang linggo sa minimum ang pagtatayo ng KRB. Pormal na naitayo na ang KRB kapag nagpulong na ang asembliya nito. Dito idinadaos ang eleksyon para sa mga upisyal ng KRB sa pamamagitan ng lihim na botohan.

Pagkatapos ng eleksyon, nagpupulong kaagad ang mga kagawad ng KRB at naghahalal ng tagapangulo at pangalawang tagapangulo. Bubuuin ang mga subkomite, gaya ng sa edukasyon, pinansya, depensa, medikal, reporma sa lupa at sosyo-ekonomiko, at organisasyon.

Kasunod nito ang pagbubuo ng hukumang bayan. Nagrerekomenda ang KRB ng mga myembro nito. Isang asembliya ang mag-aapruba ng mga rekomendado, pati na ang mga panukalang batas, patakaran, plano at programa ng KRB.

Sa mahigit apat na buwang pagkilos ng adhoc RG, naitayo ang 14 na KRB na naging aktibo sa pagkoordina at pagpapasigla sa mga proyektong pamproduksyon, paglalabas ng mga ordinansa hinggil sa kalinisan at pagbabahay, pagpaparehistro ng mga armas, at pagpapagana ng mga hukumang bayan.

***Relasyon ng iba't ibang organisasyon***

Sa proseso ng pag-andar ng adhoc RG, nakaharap ng mga kasama ang maraming problemang kaakibat ng bagong karanasan at bagong pagsulong. Patuloy silang humahalaw ng mga aral, habang aktibong isinusulong ang mga gawain.

Isa rito ang kalituhan sa oryentasyon. Malaki pa ang pangangailangang magagap ng mga KRB, sangay ng Partido at mga lihim na organisasyong masa ang kanilang partikular na mga tungkulin at responsilidad upang maunawaan ang kani-kanilang mga pagkakaiba at papel. Halimbawa, may tumitingin na ang sangay ay dapat nasa ilalim ng KRB, at mayroon namang nag-iisip ng kabaligtaran.

May tendensya rin ang mga KRB at sangay na monopolisahin ang pagpapasya o paglutas sa mga problema. Nagiging palaasa tuloy ang mga nasa nakabababang organo. Kung minsan, kumikilos ang mga lihim na organisasyong masa na parang nasa ilalim ng KRB.

Kadikit ng problema sa itaas, may problema rin sa magkakaibang gabay na ibinababa ng adhoc RG at ng mga komite ng Partido sa distrito at seksyon kaugnay ng pagtatayo at pagpapatakbo ng mga organisasyong masa sa mga baryong tatayuan ng KRB.

Nakita sa karanasang ito ang halaga ng madalas na konsultasyon, mahigpit na koordinasyon, at pagtatasa ng pag-unlad ng kani-kanilang mga gawain sa pagitan ng mga komite ng Partido at adhoc RG upang mailinaw ang kani-kanilang mga tungkulin, rela-relasyon at prayoridad. Lumitaw rin ang pangangailangang pagtugmain ang mga prayoridad ng adhoc RG at ng mga

komite sa distrito at seksyon. Habang magkakaugnay ang kanilang mga gawain, may iba pang mga bagay sa labas ng baseng gerilya na inaasikaso ng distrito at seksyon.

Isa pang mayor na problema ang konsolidasyon ng mga naitayong KRB. Maganda ang inilabas na mga gabay para sa pagtatayo ng KRB at sinusunod ito nang matama ng mga organisador. Ngunit paano mabisang paaandarin ang KRB matapos itong maitayo?

Nagrereklamo ang mga aktibistang masa na natatambakan sila ng maraming trabaho. Humahawak ang ilan ng tatlo o apat na posisyon sa iba-ibang organisasyon, at naaapektuhan na ang kanilang kabuhayan sa pagdalo sa napakaraming pulong. Marami-rami rin sa mga myembro ng KRB ang di maalam magsulat o magbasa.

Isa pa, hindi mulat ang KRB sa paggamit ng panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri ng mga uri bilang batayan ng kanilang mga plano, programa at patakaran. Binabalangkas nila ang mga ito nang walang nagkakaisang pagsusuri sa sitwasyon sa baryo. Bunga nito, ang pagtatayo ng mga subkomite ay nagiging awtomatiko at di batay sa kakayahan at pangangailangan. Inuulit lamang ang dati nang mga plano at programang nabubuo, bukod sa hindi malinaw kung alin sa mga ito ang dapat bigyan ng prayoridad.

Liban sa KRB, di rin malinaw ang paraan ng pagpapatakbo ng hukumang bayan. Walang nakahandang mga batas o gabay na maaaring gamitin ang hukuman sa epektibo at sistematikong paglutas ng mga kaso. Sa ngayon, ibinabatay nila ang kanilang mga disisyon sa mga patakaran ng Partido, ngunit dama nilang hindi ito nakasasapat.

***Relasyon ng Partido at gubyerno***

Nasasagi ng mga problemang ito ang usapin ng pamumuno ng Partido sa sitwasyong nabubuo na ang mga regular na organo ng rebolusyonaryong gubyerno.

Mula sa kanilang karanasan, humugot ang adhoc RG at ang komite ng seksyon ng mga panimulang aral hinggil sa usaping ito. Nilinaw sa isang konsultasyon ang pagkakaiba ng papel at mga tungkulin ng sangay ng Partido, mga lihim na organisasyong masa at KRB.

Una rito ang hinggil sa papel ng sangay ng Partido:

Tinitiyak ng sangay na demokratiko ang sistema ng gubyerno; kolektibo ang pamumuno, pagdidisisyon at pagpapatupad ng mga programa ng KRB; umaayon sa pambansa-demokratikong linya ang anumang plano, patakaran, disisyon at programa ng KRB at mga organisasyong masa.

Subalit hindi sa pamamagitan ng pagdidikta ipinapatupad ang pamumuno ng Partido. Ito'y isinasakatuparan sa pamamagitan ng mahigpit na pagkakaisa at pagiging maunlad nito sa pag-aaral ng obhetibong kalagayan sa lokalidad at pagbalangkas ng wastong linyang pampulitika na gagabay sa mamamayan. Hinihimok at pinamumunuan nito ang KRB at mga organisasyong masa sa paglalagom ng kanilang mga karanasan sa pakikibakang masa at iba pang mahalagang gawain. Sinusuportahan nito ang mga tamang ideya ng iba, habang naghaharap sa masa ng mga wastong ideya na nanggagaling sa kongkretong pagsusuri.

Sa mga pulong, nagmumungkahi ang mga kasapi ng sangay, nangungumbinsi at tinuturuan ang mga mamamayan, hindi bilang mga elemento ng Partido, kundi bilang kasapi ng KRB, organisasyong masa, asembliya at iba pa. Kinikilala nila ang anumang disisyon ng publiko.

Pangalawa ang hinggil sa ilang katangian ng KRB at mga lihim na organisas- yong masa:

Awtomatikong nasa hurisdiksyon at responsibilidad ng KRB ang lahat ng mga tao sa baryo bilang gubyernong namamahala sa katahimikan at kaayusan, kagalingan at seguridad nito. Kasama sa mga taong ito ang mga rebolusyonaryong mamamayan at pati na ang mga kaaway sa uri at masasamang elemento na hindi

kumikilala sa KRB o hindi sumusuporta sa rebolusyon.

Boluntaryo ang pagsapi sa mga organisasyong masa. Hindi sakop ng responsibilidad nito ang mga di-myembro.

Ang mga organisasyong ito ang pinakamaaasahang tagasuporta sa mga programa at patakaran ng KRB. Tinutulungan nito ang KRB sa pagbubuo ng mga programang makamamamayan. Ang mga organisasyong masa ang daluyan ng mamamayan sa pag-impluwensya o pagtanggi sa mga plano ng KRB, kung walang asembliya. May kapangyarihan silang magpatawag ng asembliya upang tanggalin ang sinumang nahalal na upisyal kung ito'y may mabigat na kaso.

Sa kabilang banda, tungkulin ng KRB na bigyan ang mga organisasyong masa ng kinakailangang tulong sa kanilang mga sektoral na pakikibaka o kahilingan.

***Alternatibong sistema***

Isa nang sentral na usapin sa Sta. Fe ang pagpapaunlad sa kabuhayan ng mga mamamayan sa pag-organisa at pagpapakilos sa kanila para sa kumprehensibong rebolusyonaryong kilusan sa lugar.

Halos napawi na ang pyudal na pagsasamantala sa bager ng Sta. Fe tulad ng upa sa lupa at usura. Tumaas na ang sahod ng mga manggagawang bukid sa antas na hindi na makakaganansya ang panginoong-maylupa sa pag-upa ng kanilang lakas-paggawa.

Kayat di na lokal na pagsasamantala ang pangunahing sanhi ng matinding kahirapan ng masa kundi ang atrasadong paraan ng agrikultura at mababang produktibidad ng mga sakahan, problema sa transportasyon, at kawalan ng mga batayang serbisyo na dapat ibinibigay ng reaksyunaryong gubyerno.

Totoong hindi lubusang malulutas ang pangkalahatang krisis sa kabuhayan habang nananatili ang malakolonyal at malapyudal na kaayusan sa buong bansa. Ngunit malaki ang maitutulong ng isang kumprehensibong programang sosyo-ekonomiko sa pagbuti ng kabuhayan at kundisyon ng masa.

Sa Sta. Fe, salat na salat ang ipinapatupad na mga proyektong sosyo-ekonomiko katulad ng mga sakahang komunal at pandemonstrasyon at tindahang kooperatiba. Mahina rin ang palitan ng lakas-paggawa. Anupa't hindi man lamang napapagaan ang paghihirap ng masa. Ito ang pinakamahinang kawing ng rebolusyonaryong kilusan sa mga baseng gerilya, hindi lamang sa usapin ng pagbibigay ng suportang pangkabuhayan kundi sa mas mahalagang pagkokonsolida ng kapangyarihang pampulitika at lakas militar. Nararapat nang simulan ang pagtatayo ng isang alternatibong istrukturang sosyo-ekonomiko na tumutugma sa pambansa-demokratikong ekonomya.

Ang pagbibigay-diin sa gayong gawain ay susing kawing sa paglutas ng problema sa konsolidasyon. Ang panahon ng paghahanda ng pagtatayo ng rebolusyonaryong gubyerno ay hindi lamang dapat matuon sa mga aspetong pang-organisasyon sa pagkokonsolida ng mga KRB. Dapat ding magbigay ng mas mabigat na pansin ang pagpapasigla ng mga pakikibakang masa sa pamamagitan ng pagharap sa mga kagyat at naghuhumiyaw na mga lokal na isyu tulad ng paglaban sa kahirapan at pagpapahusay ng mga batayang serbisyong panlipunan.

Isang aral ng adhoc RG ang katotohanan na para makonsolida ang mga KRB, kailangang direktang lumahok at mamuno ito sa pakikibaka ng masa sa kahirapan at pagkaatrasado. Kung hindi tutugon ang mga KRB at ang adhoc RG sa mga kagyat na pangangailangan ng masa, mapapalayo ang mga kasama sa agos ng masa at di uunlad.

Alinsunod sa prinsipyong ito, ang bagong plano at programa na binalangkas ng mga KRB sa tulong ng adhoc RG ay nagbibigay-diin sa pagpapaunlad ng ekonomya ng Sta. Fe habang nagtatayo ng epektibong sistemang pandepensa para sa erya nang sa gayo'y mapangalagaan ang mga benepisyong pang-ekonomya kahit sa

gitna ng digmaan.

Kabilang sa programa ang sumusunod:

1. pangkalahatang panawagan sa mamamayan na palawakin ang kanilang sakahan, maging bukas sa bagong mga ideya at mag-eksperimento ng bagong mauunlad na paraan ng pagsasaka laluna sa paggamit ng angkop na teknolohiya;

2. pagbibigay-diin sa pangangalaga at pagpapaunlad ng yaman at produktibidad ng lupa sa pamamagitan ng di-pagsunog ng mga organikong bagay, pagtatanim ng leguminous crops, pag-iiba-iba ng tanim, paggamit ng angkop na high-yielding variety, paggamit ng mga organikong pataba, at reporestasyon;

3. maksimisasyon ng paggamit ng kalabaw sa pagsasaka at kolektibong pagkuha o pagbili ng araro at iba pang gamit pambukid;

4. paggamit ng lupang komun para sa pag-eksperimento, demonstrasyon, trey- ning, edukasyon at pag-iimbak ng mahuhusay na butil;

5. lubos na paggamit ng mga rekurso ng mga NGO tulad ng angkop na teknolohiya at mga eksperto sa agrikultura.

***Perspektiba***

Hindi na nalalayo ang panahon ng pagtatanghal ng regular na rebolusyonaryong gubyerno sa Sta. Fe. Sa loob ng isang taon, target ng adhoc RG na maitayo ang 40 KRB na magiging pundasyon ng gubyernong ito.

Batay sa rekomendasyon ng adhoc RG, pagpapasyahan ng komite ng Partido sa rehiyon o sa larangan ang pagtawag ng kumperensya sa pagbubuo ng regular na RG. Kapag nahalal na ang mga upisyal ng regular na RG, malulusaw na ang ad hoc RG. Sa hinaharap, sasaklawin ng regular na RG hindi lamang ang Sta. Fe, kundi ang buong Distrito Uno na binubuo ng 252 baryo at sa ngayo'y may magkakaibang antas ng impluwensya at pamumuno ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa ganitong paraan, tinitiyak ng Partido na matibay na nahahawakan ng rebolusyonaryong mamamayan ang kapangyarihang pampulitika mula sa batayang antas hanggang sa maitayo ang probisyunal na rebolusyonaryong gubyerno na may pambansang saklaw.

Sa pamamagitan nito, tunay at matitiyak na makakamit ng mamamayan ang demokrasyang bayan!

## Ang Pagbawi ng Davao

Noong 1986, isang manipis na lambong ng mapanlinlang na katahimikan ang namayani sa Davao, ang pinakaabanteng rebolusyonaryong baseng urban sa Mindanaw. Isang entablado ang inaayos ng Regional Unified Command (RUC II) sa Timog Mindanaw para ilunsad ang *OPLAN Eagle*, isang programa laban sa "insurhensya" na kopya mula sa disenyong LIC ng US.

Kumbinasyon ito ng psywar, patagong mga aksyon, "makataong gawain," pagsasanay laban sa "insurhensya" at paggamit ng mga lokal na vigilante para wasakin ang kilusan. Pagkalipas ng may isang taong pamamayani sa buong Davao, nagmamagilas na ibinuka ng agila ang kanyang mga pakpak at namayagpag. Sa kanyang kauna-unahang pagbisita sa kaharian ng Alsa Masa[1] noong 1987, ipinagmalaki ni Aquino na mapagpasyang nabali na ng pasistang AFP ang gulugod ng rebolusyonaryong kilusan.

Ngunit sa harap ng sunud-sunod na militante at mapangahas na mga aksyong masa na nagsimulang sumiklab noong unang hati ng 1988, unti-unting nawawasak ang manipis na lambong ng mapanlinlang na

katahimikang umiiiral sa Davao. Unti-unting bumabangon ang rebolusyonaryong kilusan. Sa ilalim ng pamumuno ng Partido, ang pwersa ng mga Davaoeos ay nahaharap ngayon sa mga tungkulin ng muling pagpapalakas, muling pagbawi sa mga nawalang teritoryo dulot ng mga pasistang atake at pagtataas ng kanilang pakikibaka sa mas mataas na antas sa lahat ng larangan.

### *Mga rebolusyonaryong pagsulong*

Ang mga taong 1982-85 sa Davao City ang mapagpasyang mga taon para sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Noon sila umabot sa rurok ng malakihang anti-pasista at anti-imperyalistang pakikibaka.

Nagsulputang parang mga kabuti ang iba't ibang organisasyong masa tulad ng Kabataang Makabayan (KM) at Kalihokan ng Rebolusyonaryong Mamumuo (KRM), at ang kanilang kasapian ay lumawak sa hanay ng kabataan at manggagawa. Ang Christians for National Liberation (CNL), ang pam-bansa-demokratikong organisasyong kilusang lihim sa hanay ng kasapian sa sektor-simbahan, ay nagsimulang mag-organisa ng mga sub-tsapter nito sa mga istratehikong sentro sa syudad. Ang mga selula ng NDF sa hanay ng panggitnang pwersa ay lumawak sa maraming kumpanya at upisinang pangkomersyo.

Noong 1985, isinasaayos na ang pagbubuo ng mga KRB o Komiteng Rebolusyonaryo ng Baryo. Sa maraming pabrika at lugar ng plantasyon sa Davao kung saan mga manggagawa at malamanggagawa ang kalakhang bumubuo ng populasyon, nakaplano na ang pagsasagawa ng Konggreso para mabuo ang isang panlunsod na KRM.

Ang mga yunit ng Partido at selula ng kilusang lihim ng NDF ay ligtas na nakakapaglunsad ng mga pulong plenaryo sa mga bahay sa loob ng rebolusyonaryong balwarte sa Agdao at iba pang maralitang komunidad. Ang mga rebolusyonaryong aktibista ay napamahal sa masa dahil sa pagpapamalas ng kanilang proletaryong aktitud at praktika saan man sila pumaroon. Laging mayroong dampa para sa pamamahinga ng mga kasamang pata ang mga katawan sa maghapong gawain.

Kasabay nito, ang militanteng kilusang propaganda na inilunsad sa pangunahin ng mga intelektwal sa lunsod -- maunlad na seksyon ng simbahan, estudyante, sibiko at sektor ng akademya -- ay naging susing paraan sa mas malawakang pag-abot sa mamamayan.

Naglunsad ng matagumpay na isang-araw na welgang bayan ang malawak na popular na kilusan. Pinaralisa nito ang operasyon ng mga negosyo sa syudad at mga kalapit-lugar. Ang mga pulpito at mga porum na idinaos ng mga negosyante noong 1984 ay nakatulong nang malaki para mamobilisa ang libu-libong Davaoeos. May iba pang multi-sektoral na aksyong masa na pinamumunuan ng mga panggitnang pwersa para ipakita ang militanteng pagtutol sa krisis pang-ekonomya at paglaban sa pasismo at diktadura.

Sa Agdao, Matina, Buhangin at iba pang komunidad ng mga maralita, tinutulan ng mamamayan ang mga brutal na pagsosona. Nagtatag sila ng militanteng grupo at nagtayo ng barikada laban sa demolisyon at pasistang atake. Itinaas nila ang bandila ng pambansa-demokratikong alternatiba sa kahirapan at diktadura. Ang kanila'y buhay at kamatayang pakikibaka sa demolisyon ng kanilang mga komunidad na isinasagawa ng Regional City Development Planning (RCDP) upang bigyang-daan ang mga proyektong industriyal at komersyal ng IMF-World Bank.

Ang mga operasyong partisano ay epektibong naikumbinasyon sa mga pakikibakang masa sa eryang urban. Sa loob ng dalawang taon, ang BHB ay naggawad ng rebolusyonaryong katarungan sa maraming talamak na mga pasistang kriminal at butangero sa hanay ng lokal na pwersang pulis, CHDF, AFP at upisyal ng gubyerno. Ang mga pinarusahang ito na mga uhaw sa dugo ay mula sa mga abusadong tauhan ng PC kumand ng pobinsya sa pamumuno ni Kor. Laudemir Kahulugan na tumourtyur at

pumatay ng mga manggagawa't magsasaka na napagsuspetsahang sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan.

Ang rebolusyonaryong kilusang ito sa Davao ang tumulong upang mapatibay ang mga protestang ito na nagpauga sa pundasyon ng reaksyunaryong pamumuno hanggang Maynila.

Noong 1986, ang popular na kilusang ito ay sinagot ng higit na marahas na reaksyon. Tulad sa kabuuan ng bansa, ang panunupil ay kaakibat ng matinding pagbulusok ng ekonomya.

### *Ang pagkatalo at pag-urong*

Sa pagkaluklok ni Aquino sa kapangyarihan, ang "bagong" AFP ay nanguna sa pagsagawa ng mga hakbang para baliktarin ang rebolusyonaryong agos sa buong bansa. Sa Davao City, inilunsad ng pasistang AFP ang *OPLAN Eagle*.

Nilalaman ng kontra-insurhensyang plano ang mga sumusunod:

- <u>Pagbubuo ng ditatsment.</u> Nagtatayo ng tsekpoynt at ditatsment sa mga istratehikong mga lugar sa 72 komunidad sa Davao City. Sa mga ito, 13 ang may katangiang maralita tulad ng Agdao. Doble ang inilagay na mga outpost sa komunidad ng Bajada, Buhangin, Sasa, Boulevard, Panacan, Ma-a at Bangkerohan. Ang mga imprastrukturang ito ay ginawa upang itaboy ang mga rebolusyonaryong pwersa, kontrolin ang labas-masok ng mga residente, mga pangangailangan at iparamdam ng militar ang presensya nila sa lugar.

- <u>Armadong yunit ng depensa-sibil.</u> Sa basbas ni Aquino, itinatag ang maka-Kanang vigilanteng grupo. Ang pinakatalamak at pinakamabilis na kumalat ay ang Alsa Masa, bunga na rin ng pagsisikap nina Jun Pala, isang anti-komunistang komentarista sa radyo at laging may sukbit na granada at Kor. Franco Calida, puno ng Metrodiscom at binansagang "*godfather*" ng Alsa Masa.

Ang layunin ng pagbubuo ng Alsa Masa sa mga komunidad ay upang ihiwalay ang pwersang rebolusyonaryo sa mga sibilyan at nang sa gayo'y pagkaitan ng lokal na baseng suporta. Ang paramilitar na mga pwersang ito ay gumagawa ng pag-iispya, pambubulabog, panggigipit at paninira sa rebolusyon. Ang kanilang islogan ay: *Mabuti nang patay kaysa pulahan! Pumatay para sa demokrasya.*

Sa pagtatatag ng mga tsapter ng Alsa Masa sa mga komunidad, sinusunod ng mga organisador na nagsanay-militar ang mga pamamaraan ng pag-oorganisa ng rebolusyonaryong kilusang-lihim: pagbubuo ng kontak, pagbubuo ng ubod, pagdaos ng mga pulong masa, mga mobilisasyon at konsolidasyon. Ang pagkakaiba: sapilitan ang pagsapi at paglahok sa mga mobilisasyon. At binubuo ang kanilang ubod ng pinagsama-samang mga sukdulang lumpen na tulad ni Rodolfo Cagas alyas Boy Ponsa, isang talamak na bandido, holdaper at *drug pusher*mula sa Agdao.

- <u>Psy-war operation.</u>Sa pamamagitan ng suporta at alalay ng malalaking negosyo, ng United States Information Service (USIS) at mga rekurso ng lokal na midya ng gubyerno, kinokontrol ng lokal na Metrodiscom ang tradisyunal na impormasyon na dumadaloy sa radyo at mga pahayagan sa komunidad. Pinapalaganap nila ang mga impormasyon tungkol sa "*killing fields*" at mga pagmamalabis ng BHB, kumpleto sa mga larawan at pahayag.

Walang humpay silang nagngangangawa ng anti-komunistang mga islogan, kasinungalingan, paninirang-puri sa rebolusyonaryong kilusan at panlalait sa mga sumusuporta rito. Patuloy nilang isasagawa ang wala sa katwirang anti-komunistang kahibangan. Maging ang mga pari't madre ay di-ligtas sa mga malisyosong atake at palihim na pananakot.

Sa bunganga nahuhuli ang isda.

Hayagang inamin ng pasistang utak na nagpapalaganap ng LIC sa lunsod na si Kor. Calida na ang kanyang huwaran ay si Goebbels, ang punong propagandista ni Hitler. Si Goebbels ang nagsabi na "*ang kasinungalingang inulit ng ilang libong beses ay nagmimistulang katotohanan*" noong kasagsagan ng pananakop ng mga Nazi sa Europa.

Marami pang ibang mga pamamaraan ng psy-war operations tulad ng pagkakalat ng walang katotohanang impormasyon at "*mahinahong atake*". Nakatuon ang huli sa mga rebolusyonaryong nadakip at nakakulong sa mga kampong militar. Ang mga nahuling ito ay tinotortyur ng kaaway ngunit ang iba ay tinatrato nang mahusay -- pinapakain ng masasarap, binibigyan ng maalwang kalagayan sa loob ng detensyon, at iba pa. Ikinakalat pagkatapos ng militar na nagtraydor na sa kanilang simulain ang mga kasamang ito.

Lubos na ginamit ng AFP ang propagandang biswal. Sa GOTAMCO, Agdao (dito itinatag ang unang tsapter ng Alsa Masa) at sa LADECO, Mandug, nagdaos ang mga sundalo ng AFP kasama ang Civilian Volunteers Action (CIVAC) at Civilian Volunteers Organization (CVO) ng mga pulong masa at nagpalabas ng mga pelikula tungkol umano sa mga masaker at masasamang gawain ng BHB. Noong Marso 1987, ipinarada ng mga pasistang militar ang may isang daang ataul sa mga lansangan ng Davao City. Pinagdikdikan ng AFP na pawang mga biktima ng pagmamalupit ng BHB ang laman ng mga kabaong.

■ <u>Sibiko at makataong pagkakawanggawa.</u> Isang halimbawa ng "pagkakawanggawa" ng mga Amerikano ay noong dumaong sa Davao City ang Bapor na Ospital ng US, ang USNS Mercy, upang libreng manggamot sa mga naninirahan doon.

Tumanggap din ang Rebel Returnees Association na pinamumunuan ng isang Benjie Recto ng ispesyal na pondo mula sa gubyerno at rekurso ng US. Nadagdagan din ang partisipasyon ng militar sa mga proyektong imprastruktura laluna sa paggawa ng mga iskwelahan at daan.

Mahalaga ang pakunwang pagtulong upang subhan ang tumitinding sentimyentong anti-US sa hanay ng mga mamamayan.

■ <u>Asasinasyong pulitikal.</u> Pinipili ng mga kontra-rebolusyonaryong pwersa ang kanilang target. Layon nilang takutin at demoralisahin ang hanay ng mga rebolusyonaryong pwersa laluna ang ligal na mga maka-Kaliwa.

Noong 1987, pinatay ng sapakatang AFP-Alsa Masa sina Maria Luisen, lider ng isang organisasyon ng maralitang lunsod na binaril ng mga vigilante sa harap ng kanyang mga anak; Edwin Laguerder na taga-koordina ng mga NGO na nakabase sa Davao; at Peter Alderite, isang organisador ng mga manggagawa sa Lapanday Agricultural Development Corporation (LADECO) sa Mandug na pinugutan ng ulo ng mga panatikong Tadtad.

Sa pagsasagawa ng sangkap na ito ng LIC sa sitwasyong lokal, malinaw na nagpapatupad ang rehimeng US-Aquino ng mapanlinlang na mga patakaran upang itago ang sa buod ay marahas nitong katangian.

***Taktikal na pag-atras***

Noong Nobyembre 1988, nilagom ng Panrehiyong Komite sa Puting Purok ang dalawang taong pagpupunyagi ng rehimeng Aquino para makabig ang puso't isipan ng mamamayan sa Davao City. Sa dokumento ng paglalagom, inamin ng mga kadre ng Partido sa Davao na ang LIC bilang paraan ng AFP ay isang pangunahing dahilan para pansamantalang umatras ang mga rebolusyonaryong pwersa sa kanayunan.

Ang iba pang dahilan ay: una, popularidad ng bagong luklok na presidente at rehimen na pumalit sa kinasusuklamang pasistang diktadura; pangalawa, pananabotahe at palihim na maniobra ng pasistang AFP noong panahon ng tigil-putukan

sa pagitan ng NDF at ng gubyernong Aquino; pangatlo, panloob na mga problemang pang-organisasyon; at panghuli, pakikialam ng US.

Kahit noong kasagsagan ng usapan sa tigil-putukan sa pagitan ng NDF at gubyernong Aquino, inutusan ng lokal na kumand ng AFP ang mga organisador ng Alsa Masa na pasukin ang mga lugar ng BHB sa erya. Sa kalapit na kanayunan, walang pakundangang nilabag ng AFP ang usapan sa tigil-putukan.

Lalong luminaw ang lumalaking partisipasyon ng US sa Davao City sa madalas na pagbisita ng mga upisyal ng embahada ng US sa istasyong lokal ng USIS simula noong 1987. Madalas na nakikitang nakikipagkonsultahan ang beteranong ahente ng CIA na si John Singlaub kina Calida, Pala at iba pang lokal na upisyal ng AFP. Maraming enggrandeng mga propagandang anti-komunista ang inilalathala mismo ng istasyon ng USIS sa lugar.

Kasabay ng sukdulang terorismo ng kaaway, nakasaid sa lakas at oras ng pamumuno ng Partido ang panloob na mga suliraning pang-organisasyon. Ang panloob na mga problema ng Partido, pang-ideolohiyang mga dibate sa taktika sa ilalim ng "bagong" kaayusan, at paghawak sa problema ng impiltrasyon ng kaaway sa kilusan ay lumikha ng lamat, dislokasyon at isang antas ng demoralisasyon sa hanay ng rebolusyonaryong pwersa.

Ang Partido sa puting purok ay umatras sa kanayunan nang hindi na nito makayanan ang matinding presyur. Maliit na bilang ng mga pwersang kadre ang naiwan para pamahalaan ang natitirang mga yunit ng kilusang-lihim at imonitor ang pag-unlad ng mga pangyayari sa teritoryo.

### ***Mga aral at mga bagong taktika***

Sa pulong noong Mayo 1987, inulit ng mga kadre ng Partido sa komite ng puting purok at ang Panrehiyong Komite sa Timog Mindanaw ang resolusyon ng Partido noong Pebrero na nagsasabing sentral na tungkulin ng rebolusyonaryong kilusan ang muling pagbawi sa mga nawalang teritoryo. Mahalaga ang sentral na tungkuling ito sa konsolidasyon ng Partido ayon sa partikular na mga kalagayan sa Davao City at iba pang mga pulo.

Itinatag ang isang ispesyal na komite ng Partido -- ang Special White Area Team (SWAT) -- para tupdin ang mayor na mga tungkulin na tinatawag ng mga kadre ng Partido na "tatlong makinarya." Ito ang digmang partisano, rebolusyonaryong kilusang masa at gawaing pampartido.

Digmang Partisano: Para isulong ang digmang partisano, naglatag ang mga ka-dre ng Partido ng dalawang mayor na tungkulin. Ito ay ang *pagtatayo ng base*at ang *pagbubuo ng hukbo*. Tinarget sa muling pagbawi ang mga rebolusyonaryong base na nasa timog at sentrong kapatagan, ang sentrong mabundok at ang hilagang bahagi ng likurang erya at ang rebolusyonaryong base na nasa sentro ng lunsod.

Ang unang target sa muling pagbawi ay ang nakapaligid na kanayunan (*semi-CS*) na gumaganap ng mahalagang papel para sa rebolusyonaryong pwersa bilang likuran at "*back up area*" para sa maniobra at iba pang mga serbisyo sa pagsusulong ng armadong pakikibaka sa lunsod.

Ang susunod na target ay binubuo ng pangunahing erya sa lunsod na may malaking kahalagahan dahil sa konsentrasyon ng populasyon at aktibidad ng negosyo.

Sa pagtatayo ng base, ang taktika ng pagbawi ay hatiin ang mga pwersa at isingkronisa ang pagkilos kapwa sa likurang mga "*back up area*" at sa sentrong lunsod. Kailangan ito para ikalat ang konsentrasyon ng kaaway, ibuhaghag ang pagkilos ng kaaway sa isang malawak na erya at samantalahin ang lahat ng pagkakataon para hawakan ang mga lugar na kakayanin.

Sa maagang yugto ng pagbawi, sumulpot ang mga suliranin sa

pagsusustine at pagsubaybay sa ganitong tipo ng operasyon. Nagkulang sa sistematikong plano sa pagpasok sa mga erya na babawiin at kulang sa pagkakaisa sa tungkulin at koordinasyon sa hanay ng mga pwersang kasama sa gawaing pagbawi.

Halimbawa, nagsasagawa ang ibang pwersa ng mga pulong masa nang walang sapat na panlipunang pagsisisyasat tungkol sa mga naglipanang ahente, impormer at iba pang tauhan ng kaaway. Tinitingnan ng ilang yunit ng BHB na ang paglulunsad ng mga TO ay hiwalay sa gawaing pagbawi.

Bagamat buo ang sarisaring tipo ng ligal na makinarya, dumanas sila ng kakulangan sa nagkakaisang oryentasyon at mga pamamaraan ng mga operasyon kaugnay ng kabuuang rebolusyonaryong gawain.

Sa pagbubuo ng hukbo, lumitaw ang mga suliraning kaugnay ng pagririkrut, taktika, teknik sa pagsasagawa ng mga taktikal na opensiba, at suportang serbisyo sa kombat. Ang matingkad na karanasan ng mga Pulang mandirigma sa maagang yugto ng muling pagbawi ay ang pagbibigay diin sa pormasyon. Ang konsentrasyon ng mga yunit ng BHB sa isang takdang panahon ay nakatulong nang malaki sa kanilang gawain sa konsolidasyon na nagbigay sa kanila ng pagkakata on para magsama-sama sa isang malaking grupo. Sa panahon ding ito, ang hukbong bayan ay nakapaglunsad ng maraming opensiba.

Ang pangunahing panlabang pwersa sa lugar ay ang mga yunit partisano at ang regular na yunit ng BHB. Mula noong Pebrero 1987, ang kanilang oryentasyon ay makapaglunsad ng mga operasyong gumagamit ng mahahabang armas at magtayo ng mas malalaking pormasyon ng hukbo. Ang mga operasyong gumagamit ng mahahabang armas ay nakapatungkol sa mga operasyong partisano ng iskwad o platun na gumagamit ng mahahabang armas tulad ng M-16 at M-14. Ang operasyon na gumagamit ng maiikling armas sa isang banda, ay isinasagawa ng isa o tim ng dalawang partisano na gumagamit ng mas maiikling kalibreng armas. Kabilang sa mga operasyong taktikal ang pagsalakay, ambus, likidasyon at panabotahe.

<u>Gawaing pampartido:</u> Ang SWAT ang nagsisilbing sentro ng pamumuno ng Partido. Mayroon itong komite sa hukbo na nangangalaga sa gawaing militar. Ang pangunahing yunit sa militar ay binansagang DJANGO na hango mula sa ngalan ng isang kilalang partisano na si Edilberto "Django" Canoy na namatay sa isang labanan noong 1985. Ang iba pang organo ng Partido ay namamahala sa mga kampanyang masa at pag-oorganisa ng iba't ibang sektor.

Sa pamamagitan ng pagkokonsolida ng hanay nito sa siksik na pang-ideolohiyang mga pag-aaral, ang Partido ay umaasa na higit na epektibong magagawa nito ang muling pagbawi sa mga teritoryong nawala. Kaugnay nito binibigyan ng Partido ng pangunahing diin sa pang-ideolohiyang pagbubuo.

<u>Rebolusyonaryong kilusang masa:</u> Sa kabuuan, ang pokus ng kilusang masa sa Davao City sa panahong ito'y ang paglalantad sa malawak na masa ng maitim na pakana ng makabagong pasismo, na walang sinlinaw na kinakatawan ng Alsa Masa at iba pang grupong vigilante. Kasabay nito ang pakikibaka para sa mga batayang kahilingan ng mamamayan kahit sa harap ng mabangis na panunupil.

Ang rebolusyonaryong kilusan ay nagpapatupad ng maingat at pleksibleng pagtrato sa masang pinilit sumapi sa mga grupong vigilante sa takot na sila'ýpatayin. Hanggat nananatili silang matapat sa rebolusyon at hindi sumasapi sa mga anti-mamamayang operasyon, pinagtitiwalaan pa rin sila ng rebolusyonaryong kilusan.

Ang pangunahing mga target militar ay ang mga pangunahing elemento ng Alsa Masa at iba pang maka-Kanang pangkat ng vigilante, AFP at mga upisyal ng gubyerno na

may utang na dugo sa mamamayan at rebolusyonaryong pwersa, mga dayuhang kasangkot sa kontra-rebolusyong gawain at kanilang mga institusyon.

Sa pangkalahatan, ang pokus ng kampanyang masa sa Davao City sa masamang iskema ng makabagong pasismo dito na binigyang halimbawa ng AFP at Alsa Masa.

***Mga breyktru sa muling pagbawi***

Noong Setyembre 1988, sinalakay ng mga partisanong BHB ang isang ditatsment sa Lanang, ilang kilometro lang mula sa sentro ng syudad. Ang pasistang AFP ay naggulihanan dahil pinabulaanan nito ang kanilang pahayag na bagsak na ang BHB sa Davao.

Sa isang ulat ng SWAT, nakapagtala ito ng 16 na opensibang taktikal sa maagang bahagi ng 1987, 20 noong 1988, at hihigit sa 15 operasyong militar noong nakaraang 1989. Ang mga naging target sa hanay ng pwersa ng kaaway ay yaong nakakagawa ng karaniwang krimen at walang patumanggang nagmamalabis sa walang labang mamamayan.

Noong maagang bahagi ng 1988, isang pambansang Welgang Bayan ang inilunsad para tutulan ang pagtaas ng presyo ng langis. Malaki-laking bilang ng mamamayan ang napadalo ng isyung ito para sumama sa welga. Maraming tsapter sa mga komunidad ng Alsa Masa ang lumahok kasama ng militanteng grupo ng mga manggagawa at iba pang maka-masang organisasyon sa pagkilos na ito. Maraming organisasyong sektoral ang nakaparalisa sa isang araw na welgang ito. Ang iba pang pang-ekonomyang protesta na inilunsad ng mga kasapi ng Alsa Masa sa pakikipagtulungan ng mga militanteng samahan ay ang isyu sa demolisyon, makataong pabahay sa maralitang lunod, pagtaas ng sahod ng mga manggagawa at problema sa lupa.

Sumiklab ang welga ng mga manggagawa noong 1988. Sa kauna-unahang pagkakataon, 500 magbubukid ang nagmartsa sa mga lansangan at nagsagawa ng *indoor* rali noong nakaraang Oktubre para hingin ang pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at tutulan ang militarisasyon sa kanayunan.

Noong Marso 1989, Araw ng Davao, nagpalipad ang mga aktibistang masa ng may 50 lobo sa asul na kalawakan sa pagsisimula ng programa ng gubyerno. May malaking istrimer na nakatali sa iba't ibang kulay na mga lobo na mababasa sa mga pulang titik ang mga islogang *MABUHAY ANG NDF* at *MABUHAY ANG CPP-NDF!*

Noong nakaraang Enero, 20 kabataang lalaki at babae ang nagraling-iglap sa mga lansangan ng C.M. Recto, San Pedro at Bangkerohan. Isinigaw nila ang mga islogang anti-baseng US, at nagwagayway ng mga bandila. Mula sila sa mga rebolusyonaryong kabataan na tinatawag na QRT (Quick Reaction Team) "dahil kagyat silang tumutugon sa atake ng kaway." Responsibilidad nila ang maraming operasyong pinta sa mga pader ng mga iskwelahan at komunidad ng mga islogang "*MABUHAY ANG PAGBABALIK NG PARTISANO*" at "*WELCOME BACK, NPA!*"

Upang mapatunayan ang kanilang pagbabalik, ang mga partisano ng BHB ay umatake nang dalawang beses sa istasyon ng USIS sa lunsod noong Disyembre 1989 at Enero ng taong kasalukuyan.

***Ang hinaharap***

Habang ang rebolusyonaryong kilusan sa Davao City ay unti-unting nakakapag-ipon ng lakas, ang pagmamalupit ng kaaway ay higit na lalawak sa darating na mga taon. Ngunit ang mga panlabas na kalagayan ay nagpapabilis sa pagkawasak ng mabagsik na *Oplan Eagle* ng AFP. Ipinapakita ito sa sumusunod na mga nagaganap:

1) Ang Alsa Masa ay watak-watak na. Ang ideolohiyang lumpen at pasista nito ay nagbunga ng mga kontradiksyon dahil sa pera at kapangyarihan na sumiklab sa hayag na madugong gyera ng mga kasapi nito. Ang mga hayag na mga

halimbawa nito ay ang labanan ng Alsa Masang Toril at Alsa Masang Agdao at sa pagitan nina Pala at Calida. Maraming kasapi ang nagsisimulang magreklamo na ginagamit silang "pambala sa kanyon" ng AFP sa panahon ng operasyong militar laban sa BHB.

Noong 1989, maraming kasapi ng Alsa Masa ang nagsimulang magsibalik sa rebolusyonaryong kilusan nang palihim. Maraming iba pa na nasa ilalim ng tangkilik ng grupong vigilante, ang palihim na tumutulong sa rebolusyonaryong mga pwersa sa isang libo't isang tungkulin tulad ng pangangalap ng mga impormasyon at pagsasagawa ng propaganda.

2) Patuloy na nadarama sa lunsod ang lumalalang krisis pangkabuhayan. Noong 1988, nagtala ang timog Mindanaw, kung saan ang Davao City ang pinakasentrong urban, ng 10.65 porsyento na tantos ng implasyon, pinakamataas sa buong Mindanaw. Higit na mataas ito sa kabuuang implasyon ng Mindanaw na 8.16 porsyento at mataas kaysa iba pang rehiyon.

Sa taong ito, hindi bubuti ang kalagayan dahil sa papataas na mga presyo sa syudad.

3) Buo ang mga pasistang imprastruktura. Ang panunupil ay higit na lumalala, laluna sa kanayunan.

4) Simula nang makapagtamo ng kapangyarihan ang mga Alsa Masa sa mga komunidad, kaakibat naman nito ang kanilang masasamang gawain. Muling naglipana ang mga anti-sosyal na bisyo tulad ng paggamit ng droga, prostitusyon, pagsusugal at pagnanakaw sa mga lugar kung saan napalis o nabawasan na ito bunga ng mga kampanya ng BHB.

Sa katunayan, mainam ang kalagayan sa susunod na ilang taon para bumilis ang mga gawain sa muling pagbawi ng Davao City. Sa pamamagitan ng kanilang mayamang karanasan sa rebolusyonaryong pakikibaka sa nakaraan, ang masa at rebolusyonaryong kilusan sa Davao ay kailangang pandayin ang kanilang sarili para pagpursigihang isulong ang pakikibaka hanggang sa tagumpay.

---

**APAT NA AKSYONG MILITAR SA PANAY**

Naglunsad ng apat na aksyong militar ang Bagong Hukbong Bayan sa Panay nitong unang kwarto ng 1990 ayon sa **Daba-daba**, rebolusyonaryong pahayagang masa ng Panay.

Sa Igbaras, Iloilo, inambus ng BHB ang mga myembro ng CAFGU na lulan ng isang sasakyan sa Bgy. Lab-on. Dalawang kasapi ng CAFGU ang nasugatan pero "nakalusot" ang sasakyan.

Humingi ng saklolo ang CAFGU sa 15th IB PA at sa mga pulis ng Igbaras. Ayaw tumugon ng mga sundalong PA sa takot na maambus. Sa halip, itinulak nila ang mga pulis na siyang pangunahing umayuda.

Umalis ang walong pulis at isang sundalong sakay ang dyip pampatrulya. Nabatid kaagad nila ang pusisyon ng mga Pulang Mandirigma. Lingid sa kaalaman ng mga pasista, sadyang inaabangan ng mga gerilya ang pagpasok ng reimporsment ng kaaway para tambangan. Habang umaandar ang kanilang dyip, binabaril ng kaaway ang pusisyon ng mga gerilya.

Di natigatig ang hukbong bayan. Nang tumapat ang dyip sa nakabaong lamat (land mine), pinasabog ng triggerman ang mina. Napuruhan at nawasak ang sasakyan.

Patay lahat ang nakasakay kasama sina Sarh. Juanito Espina,

hepe ng INP sa Igbaras; Korp. Arnulfo Espinosa, pangalawang hepe; Rafael Estranghero, CO ng CAFGU sa Mantangon, Tubungan; Sarh. Rogelio Panes ng 15th IB PA at dating COng ditatsment sa Curucuan, Igbaras.

Nakakumpiska ang mga Pulang gerilya ng apat na M-16, isang pistolang .45, isang super .38, dalawang rebolber na .38, at maraming bala.

Sa Culasi, Antique, inambus ng BHB ang pinagsanib na pwersa ng PC at CAFGU na nag-ooperasyon sa Bgy. Bitadnon noong katapusan ng Abril. Napatay ang dalawang sundalo ng PC at dalawang myembro ng CAFGU.

Nauna rito, inambus ng BHB noong Abril 1, 7;30 ng umaga, ang 12 myembro ng CAGU sa Sityo Calbayog, Bgy. Valderama, Culasi. Siyam ang napatay at dalawa ang nasugatan sa kaaway. Nakakumpiska ang mga gerilya ng isang armalayt, isang ripleng Garand at maraming bala.

Inisnayping naman ng mga gerilya ang maraming kostableng nagsisiksikan sa loob ng traysikel sa Ibajay, Aklan. Nakasamsam ang BHB ng isang M-14. # # #